KILUSANG MAYO UNO
KMU

# PRAYMER HINGGIL SA SAHOD AT CHARTER CHANGE

MARSO 2024

**Bungad sa manggagawa at mamamayan sa taong 2024** ang pahayag na:

*"hindi muna madaragdagan ang sahod ngayong taon"*

-- sahod na una pa lamang ay kakarampot at di na nakasasapat, at ang pakanang Charter Change ng rehimeng US-Marcos upang diumano palaguin ang ekonomya.




Sa gitna ng napakalubhang krisis sa kabuhayan na dinaranas ng mamamayang Pilipino, ipinapanguna ng rehimen ang pagbubuyangyang ng likas-yaman, lakas-paggawa, mga batayang serbisyo at ang buong bayan sa pandarambong ng dayuhan at malalaking negosyo.

Ginagawa ito upang ampatan ang pandaigdigang krisis ng malalaking bansang makapangyarihan. Nais nilang ipasa ang pinagdaraanang krisis sa mismong mga bayan nila sa mga malakolonya gaya ng Pilipinas at sairin pa ang mga rekurso dito.

Ginagamit rin ito ng rehimeng Marcos upang ganap na isantabi ang mga karibal sa pulitika at kapangyarihan na mga Duterte matapos maging lantad ang pagkabuwag ng kanilang mabuway na alyansa. Nagkukumahog ang dalawang pangkatin kung sino ang hahawak ng estado poder.

**Layunin ng praymer na ito na bigyang-linaw ang mga usapin sa sahod, mga argumento laban dito, ang nagpapatuloy at matingkad na katwiran ng nakabubuhay na sahod. Iuugnay rin nito ang mga usapin sa kabuhayan ng manggagawa sa pakanang Charter Change. Inaasahang magamit ito sa mga talakayang masa.**

*Bukas ang EILER at KMU sa mga komento, mungkahi at pagpapaunlad mula sa mga isasagawang talakayan.*
*Ipadala lamang ang mga ito sa edres@kilusangmayouno.com*

## Bakit napakahalagang usapin ang sahod sa bansa?

Ayon sa 2021 Annual Family Income and Expenditure Survey, **sahod ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng 52.7% (1 sa 2) ng mga pamilya sa Pilipinas.** Mas mataas ito ng 2.3% mula 50.4% noong 2018. Pinagtitibay ito ng tala na 67.2% ng pwersa ng paggawa sa Pilipinas ay mga manggagawang sinasahuran. Bagama't kalahati ng bilang ng mga pamilya sa bansa ay umaasa pangunahin sa sahod, nanatiling masalimuot ang lagay ng sahod sa bansa.

## Ano ang kalagayan ng sahod ng mga manggagawang Pilipino?

Ayon sa Disyembre 2023 Labor Force Survey, **tatlo sa sampung (3 sa 10) manggagawa sa Pilipinas ay gumagampan ng elementary occupations at isa sa lima (1 sa 5) naman ay service at sales workers.** Ang naturang mga trabaho ay kinakatangian ng mababang sahod. Makikita sa sumusunod na table mula sa 2022 Occupational Wages Survey ang halimbawa sa kaso ng sektor ng Wholesale Trade.

**Table 1. Average Monthly Wage Rates of Time-Rated Workers on Full-Time Basis in Selected Industries and Occupations, Philippines: August 2022 *(Cont'd)***
(In Establishments Employing 20 and More Workers)

| 2009 PSIC/ PSOC 2012 Update | Industry/Occupation | Average Monthly Wage Rate (PhP) |
|---|---|---|
| G46 | **Wholesale Trade except of Motor Vehicles and Motorcycles** | |
| 2121 | Mathematicians and Actuaries | 21,463 |
| 2122 | Statisticians | 23,892 |
| 2411 | Accountants (including Auditors) | 32,406 |
| 2431 | Advertising and Marketing Professionals | 31,816 |
| 3322 | Sales Supervisors/Commercial Sales Representatives | 21,932 |
| 4311 | Accounting and Bookkeeping Clerks | 19,638 |
| 4321 | Stock Clerks | 14,964 |
| 5230 | Cashiers | 14,670 |
| 5244 | Contact Center Salespersons | 18,091 |
| 5299 [b] | Shop Sales Assistants/Sales Demonstrators | 13,499 |
| 9000 [b] | Elementary Occupations (Unskilled Workers) | 12,738 |

*Source: https://www.psa.gov.ph/system/files/lsredsd/2-%28ons-cleared%29- 2022%20OWS%20Tables-signed.pdf*

Sa batayan ng sektor, ang mga sektor ng agrikultura, manupaktura, wholesale and retail trade, at food and accommodation services ang nagtala ng pinakamaraming manggagawang tumatanggap ng lubhang mababang sahod. Sa isang survey ng mga establisyemento na nag-iempleyo ng 20 or higit pang manggagawa, **7 sa 10 manggagawang agrikultural ang kumikita lamang ng mas mababa sa PhP 13,000 kada buwan.**

**Ang nabanggit na halaga ay buwanang sahod ng 1 sa 2 manggagawa sa sektor ng accommodation and food services, wholesale and retail trade, repair of motor vehicles and motorcycles, at manupaktura.**

## Ang Poverty Threshold

**Mahihinuha rin ang kabansutan ng sahod sa Pilipinas kung itutumbas ito sa poverty threshold na mismong pamahalaan ang nagtakda.**

Ang poverty threshold, ayon sa PSA, ang pinakamababang halaga na kailangan ng isang pamilya upang matustusan ang pinakabatayan nitong mga pangangailangan. Makikita sa table sa baba na ang buwanang

| Rehiyon | Poverty threshold (as of 2021) | Minimum Wage[1] (as of September 2023) |
|---|---|---|
| NCR | PhP 13,741 | PhP 13,218.7 |
| Region I | PhP 12,964 | PhP 8,668 |
| Region II | PhP 11,788 | PhP 9,101.4 |
| Region III | PhP13,160 | PhP 9,968.2 |
| Region IV-A | PhP 12,941 | PhP 10,184.9 |
| Region IV-B | PhP 10,967 | PhP 7,692.85 |
| Region V | PhP 11,531 | PhP 7,909.55 |
| Region VI | PhP 11,285 | PhP 9,751.5 |
| Region VII | PhP 13,008 | PhP 9,426.45 |
| Region VIII | PhP 11,187 | PhP 8,126.25 |
| Region IX | PhP 11,975 | PhP 7,606.17 |
| Region X | PhP 12,015 | PhP 8,776.35 |
| Region XI | PhP 11,709 | PhP 9,599.81 |
| Region XII | PhP 11,018 | PhP 7,974.56 |
| CARAGA | PhP 11,390 | PhP 7,584.5 |
| CAR | PhP 11,793 | PhP 8,668 |
| BARMM | PhP 11,789 | PhP 7,389.47 |

*Source: Philippine Statistics Authority*



## Ano ang pangmatagalang solusyon sa kahirapan at kagutuman sa Pilipinas?

Malayo sa perpekto ang Konstitusyong 1987. Gayunpaman, bunga ito ng pagsisikap ng mamamayang Pilipino at mga lider na anti-diktadura laban sa mga abuso ng unang rehimeng Marcos.

Kinikilala nito ang kahalagahan at aktibong interbensyon ng estado para pagsilbihin ang ekonomya sa ikauunlad ng bayan at ang paglalatag ng mga proteksyon sa karapatang pantao. Ang tangkang rebisyon at pagwasak dito ng rehimeng Marcos Jr ay di makalulutas sa mga batayang suliraning panlipunan, kundi magpapasidhi lamang ng dayuhang kontrol, pagpapanatili sa atrasadong ekonomya at higit na kapangyarihan sa mga lokal na naghahari-harian.

Ang kinakailangan ng Pilipinas ay ang ng tunay na repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon, proteksyon sa kanyang likas-yaman para siguraduhin ang sustenableng pag-unlad, pagkilala sa mga karapatan ng masang anakpawis, mahusay na paggamit ng kapital para sa pag-unlad, at nagsasariling patakarang panlabas.

Kailangan ng mga programang ito ang isang malakas na papel ng estado, ng isang malakas na estado. Hindi ang ChaCha ni Marcos Jr ang kailangan sa pag-unlad, hindi ang gobyernong Marcos Jr.

***Sahod, Hindi Chacha!***
***Ipaglaban ang nakabubuhay na sahod!***
***Biguin ang ChaCha ng rehimeng US-Marcos!***
***Lupa, kabuhayan, karapatan at kasarinlang, hindi higit na paghahari ng dayuhan at iilan!***

**Hinihimok lahat ng manggagawa na buuin at patibayin ang kanilang mga unyon upang makapagbuo ng lakas upang makapaggiit ng makabuluhang dagdag-sahod at benepisyo sa antas-pabrika.**


Sinusuportahan ng KMU ang lahat ng mga unyon, koalisyon, at organisasyon ng mga manggagawa na nagsasampa ng mga wage petitions at maksimisahin ang RTWPBs upang magkamit ng antas-rehiyong umento sa sahod.

**Suportahan ang mga panukalang batas na nagsusulong ng umento sa sahod.** Noong Pebrero 19, pinasa sa Senado ang Senate Bill No. 2534 na nagpapanukala ng across-the- board na umento sa sahod. Sa kabilang panig, isinasalang sa committee hearing ang mga panukala para sa umento sa sahod sa Mababang Kapulungan.

**Biguin ang Charter Change ni Marcos.** Ilantad na ang makaimperyalistang interes sa likod nito ay higit na magpapasahol sa matagal nang hikahos na kalagayan ng sahod sa Pilipinas. Ang makikinabang lamang dito ay mga bulok na mga dinastiyang politikal, ang kanilang mga business crony, at kasabwat na dambuhalang dayuhang korporasyon at imperyalistang bansa.






## Ano ang 'real wage' at ano ang kabuluhan nito sa isyu ng sahod?

**Ang real wage ay halaga ng sahod na may pagsasaalang-alang sa bilis ng pagtaas ng bilihin (inflation).** Bukod sa mababa na ang sahod ng milyun-milyong mga manggagawa, ang tunay na halaga pa nito ay nasa palagiang pagbaba. Ito ay panandalian lamang napipigilan dahil sa minsanang umento sa sahod.

Makikita sa table na ang real wage noong ipatupad ang PhP 33 na umento sa sahod sa National Capital Region noong Hunyo 2022 ay tuluy-tuloy na bababa sa mga susunod na buwan hanggang sa magkaroon ng bahagyang pagtaas pagdating ng Hulyo 2023. Ang bahagyang pagtaas na ito ay bunsod ng PhP 40-wage increase sa NCR noong Hulyo 2023. Ngunit makikita sa mga susunod na buwan na tuluy-tuloy ang pagbaba ng halaga nito.



**Ibig sabihin, walang makabuluhang pagtaas ang real wage sa NCR. Hindi nahahabol ng minsanang umento sa sahod ang bilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin.**

Ang ganitong trend ay makikita rin sa iba pang mga rehiyon kung saan mas mataas ang presyo ng mga bilihin na sinasabayan ng mas mababang pasahod.

| Buwan | MW, NCR | CPI, 2018=100 | RW |
|---|---|---|---|
| Hunyo 2022 | 570 | 112.2 | 508.021 |
| Hulyo | 570 | 112.3 | 507.569 |
| Agosto | 570 | 113.3 | 503.089 |
| Setyembre | 570 | 113.9 | 500.439 |
| Oktubre | 570 | 115.3 | 494.363 |
| Nobyembre | 570 | 116.1 | 490.956 |
| Disyembre | 570 | 116.6 | 488.851 |
| Enero 2023 | 570 | 118.2 | 482.234 |
| Pebrero | 570 | 118.2 | 482.234 |
| Marso | 570 | 118 | 483.051 |
| Abril | 570 | 118.1 | 482.642 |
| Mayo | 570 | 118.1 | 482.642 |
| Hunyo | 570 | 118.4 | 481.419 |
| Hulyo | 610 | 118.6 | 514.33 |
| Agosto | 610 | 120 | 508.33 |
| Setyembre | 610 | 120.8 | 504.97 |

*Source: Philippine Statistics Authority*



## Ano ang ating kampanya hinggil sa sahod at ChaCha?

Ang family living wage sa National Capital Region (NCR) para sa Enero 2024 ay PhP 1,193. Malayo ito sa aktwal na kinikita ng mga manggagawang sumasahod ng minimum wage na nagkakahalaga lamang ng PhP 610. Higit na malayo ang agwat ng MW at FLW sa BARMM. Ang MW sa naturang rehiyon ay PhP 341 samantalang ang FLW sa parehong panahon ay PhP 2,016.

Mula sa bugso ng mga pagtaas ng MW sa lahat ng rehiyon noong 2022, may 15 rehiyon ang muling nagpatupad ng umento sa sahod noong 2023. Nagkakahalaga ang mga umento sa pagitan ng PhP 30 at PhP 50. Bagamat sinasalubong ang mga umentong ito bilang bunga ng walang patlang na pangangapampanya ng mga manggagawa, ang halagang nabanggit ay malayo sa panawagan ng mga unyon at organisasyon na nagsampa ng wage hike petitions. Ang iba ay nanawagang itakda ang minimum wage sa living wage at ang iba naman ay nagpetisyon ng dagdag sa kasalukuyang minimum wage tulad ng PhP 100 across-the-board increase.



Mula sa kalunus-lunos na kalagayan ng sahod nagmumula ang matibay na paninindigan ng mga manggagawa na lahatang-panig na ipaglaban ang umento sa sahod hanggang sa maabot ang nakabubuhay na antas nito.

Susi ang pagpapalakas sa kilusang unyon upang maikasa ang kilusang protesta hanggang sa kilusang welga at lahatang-panig na maipaglaban ang makabuluhang dagdag-sahod, nakabubuhay na sahod (o family living wage) at iisang pambansang minimum na sahod (national minimum wage).

Papahinain rin nito ang proteksyon sa karapatang pantao laban sa Batas Militar na nakasemento sa Konstitusyon matapos ang pag-aalsa ng EDSA. Rerebisahin ang kasaysayan upang tabunan at burahin ang madugong rekord ng mga Marcos, at mga kahayupan ng naghaharing uri at imperyalismo laban sa mamamayan.

Sa layon na patahimikin ang pagbatikos at paglaban ng mamamayan, at isulong ang ekonomiko at pulitikal ng imperyalismong US, lalo ring papahintulatan at ilelehitimisa ang pandarahas at pasismo isinasagawa ng estado ang samut-saring paglabag sa karapatang pantao sa porma ng red-tagging, harasment at intimidasyon, pwersahang pagpapatiwalag (forced disaffiliation), union interference, iligal na aresto, at sapilitang pagwala (enforced disappearance) at ekstrahudisyal na pagpaslang (extrajudicial killings).




Inilulunsad ng rehimeng US-Marcos ang gerang kontrainsurhensya na pinapamunuan ng NTF ELCAC, AFP at PNP upang durugin diumano ang armadong paglaban sa kanayunan. Itinatanggi ng hibang na gerang ito ang katotohanan na ang ugat ng armadong sigalot sa Pilipinas ay ang kawalang-lupa, kahirapan, kagutuman at karahasan na dinaranas ng malawak na masang anakpawis.






Bukod sa barat na umento sa sahod, malaking salik sa tigil (stagnated) na katangian ng real wage sa Pilipinas ang mabilis na pagsirit ng presyo ng pangunahing mga bilihin.


**Umabot ng 8.7% ang inflation rate sa bansa noong Enero 2023 ngunit patuloy nang bumaba sa mga sumunod na buwan.**

Nagkaroon lamang ng pagtaas muli noong Agosto 2023.



Bagaman bumaba ang kabuuang implasyon sa Pilipinas mula 4.1% noong Nobyembre 2023 sa 3.9% noong December 2023, tumindi naman ang hirap na nararanasan ng pinakamahirap na 30% ng ating mga kababayan na nakaranas ng mas matinding implasyon sa bigas (21.4%, December 2023), iba pang pagkain gaya ng gulay at karne at non-alcoholic beverages (7.4%, December 2023), transportasyon (1.5%, December 2023), at gastos medikal (3.2%, December 2023) (IBON, January 2024).

**Sa kabuuan, higit na mabigat na pasanin ang taas presyo para sa mga pinakamahihirap na Pilipino. Makikita sa graph sa baba na mas mataas ang tantos ng inflation para sa mga 30% pinakamahihirap na pamilya sa bansa.**




**Isa pa sa mga kinakitaan ng palagiang pagsirit ng presyo ay mga produktong petrolyo.** Mula Hulyo hanggang gitnang hati ng Setyembre 2023 o sa loob ng 11 linggo, walang patlang ang pagtaas ng presyo ng langis. Sa nasabing panahon, ang kabuuang tinaas ng presyo ng diesel ay umabot sa PhP 17.30 kada litro samantalang PhP 15.95 kada litro sa kerosene. Sa sampung linggong tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina, ang kabuuang tinaas ng presyo kada litro ay umabot sa PhP 11.85.

Isa sa mga epekto nang matarik na pagtaas ng presyo ng langis ay siyang pagtaas ng pamasahe sa pampublikong transportasyon. Mula Oktubre 8, 2023, ipinatupad ang probisyunal na dagdag piso sa pamasahe kapwa sa traditional (PhP 13) at modern jeepney (PhP 15).

**Sa parehong panahon, niratsada ng administrasyong Marcos ang bogus na PUV Modernization Program (PUVMP).** Sa ilalim ng PUVMP, papalitan ang mga tradisyunal na unit na karaniwang moda ng transportasyon ng mga manggagawa ng mga PUV gamit ang mga labis na "modernized" units mula sa ibang bansa. Upang mabawi ng mga kapitalista ang kanilang kapital, inaasahan nating tataas ng 40-50 pesos ang minimum na pamasahe sa mga PUV. Katumbas ito ng halos 13.1% hanggang sangkatlo (29.3%) ng minimum na sahod ng manggagawa na pambayad lamang sa pamasahe sa pagsakay sa PUVs.



Kaya naman magiging natural na karugtong ng ChaCha ang higit na pagpapabansot sa sahod. Mabubuo ang disenyo ng isang makadayuhang ekonomiya sa pamamagitan ng tambalan ng pleksible at mababang pasahod at kawalan ng restriksyon sa dayuhang pamumuhunan.

## Ano ang epekto nito sa pamamahala at sa aspetong militar? Sa kultura?

Layong baguhin ng ChaCha ang porma ng gobyerno (form of government) upang pahigpitin ang kontrol ng malalaking negosyante at panginoong maylupa sa buong makinarya ng estado. Babaklasin din ang term limits para sa unlimited na paghahari ng mga dinastiyang pulitikal na hawakan ang gobyerno at ang kaban ng bayan.



May mga panukala ring tanggalin ang representasyon ng kabataan, nakatatanda at kababaihan sa lokal na pamahalaan. Aalisin rin ang probisyons sa Konstitusyon upang habulin ang nakaw na yaman ng mga Marcos at kanilang mga kroni.




Papawiin rin nito ang pagbabawal sa pasilidad militar at armas nukleyar ng US at iba pang imperyalista. Papalawakin nito ang geopulitikal at ekonomikong interes ng US at mga kaalyado nito sa rehiyon at daigdig. Ihahanda ang Pilipinas bilang forward base ng US sa panahong sumiklab ang inter-imperyalistang digmaan.

## Ano ang magiging epekto nito partikular sa sahod?




**Hindi sapat na tuluyan lamang buksan ang ating ekonomiya upang matiyak na makapang- eenganyo ito ng dayuhang pamumuhunan.** Isang mayor na konsiderasyon ng mga dayuhang namumuhunan ang halaga ng magiging gastos nito sa pagpapasahod. Magkagayon, ang panukalang ChaCha ay magbubunsod nang higit na pagkabansot ng sahod.

**Noong 2012, pinatupad ng administrasyong Aquino II ang Two-Tiered Wage System.** Sa ilalim ng iskemang ito, ang regional wage boards ay magtatakda ng "floor wage" na mas mababa sa regional minimum wage (Tier 1). Sa ibabaw nito, ang mga empresa ay may laya na boluntaryong magbigay ng umento sa sahod na nakabatay sa produktibidad ng manggagawa (Tier 2). Ang kabaliktaran nito ay maaaring piliin ng empresa na hindi magbigay ng umento sa sahod lampas sa tinakdang floor wage. Sa ganitong kaso, higit na bababa pa ang sahod ng mga manggagawa.

Ang ganitong pleksibilisasyon ng sahod ay nakaturol upang maging 'globally competitive' diumano ang sistemang sahuran ng bansa.[2] Nangangahulugan ito na dinisenyo ang naturang iskema upang makaengganyo ng dayuhang pamumuhunan.

2 https://www.officialgazette.gov.ph/2012/06/10/dole-two-tier-wage-system-on-track-key-to-improving-phl-competitiveness-on-wage-flexibility-and-pay-and-productivity/#:~:text=The%20two%2Dtier%20wage%20system%20consists%20of%20a%20fixed%20%E 2%80%9Cfloor,the%20employer%20and%20the%20workers.



**May inaasahan ring pagtaas ng pamasahe sa MRT at LRT.** Sasaklawin rin ng mga taas- pasahe ang mga tricycle na binabalak ng LTFRB na ipalit sa mga maliliit na ruta ng jeep na balak nilang i-phaseout. Patuloy ang pagtataas ng mga presyo ng batayang mga serbisyo gaya ng tubig, kuryente at iba pang mga arawang pangangailangan.





**Ang dating 4% na kontribusyon sa PhilHealth ay tataas na sa 5%, habang ang dati namang 100 pesos kada buwan na kaltas sa Pag-ibig ay dodoble na tungong 200 pesos kada buwan.** Nangangahulugan ito ng dagdag tapyas sa maliit nang sinasahod ng mga manggagawa.

**Bukod pa rito, lubhang napakabigat ng pagpapaaral sa mga pribadong paaralan para sa mga karaniwang manggagawang magulang.** Limitado na rin ang oportunidad sa pampubikong mga institusyong akademiko dahil sa paulit-ulit na tapyas sa badyet, at ang nananatiling mababang alokasyon sa sektor ng edukasyon sa national budget. Ang pangunahing napagkakaitan ng karapatan sa edukasyon ang mga kabataang mula sa pamilya ng manggagawa at iba pang anakpawis.



## Bakit makatwiran ang umento sa sahod?
## Ano ang ibig sabihin ng labor productivity?

Mula 2000, tuluy-tuloy ang pagtaas ng produktibidad ng mga manggagawang Pilipino. Sa kabila nito, barat ang umento sasahod. Noong 2000, ang labor productivity (current) sa bansa ay aabot sa PhP 418 kada araw samantalang ang average nominal minimum wage lamang noon ay PhP 181. Pagsapit ng 2018, ang labor productivity (current) sa bansa ay aabot na sa PhP 1,357 kada araw samantalang ang average nominal minimum wage ay nasa PhP 350 lamang.




*Source: Philippine Statistics Authority*

Sa tunay na halaga, noong 2000, ang labor productivity (in constant 2018 prices) ay PhP 816 samantalang ang real wage ay nasa PhP 361. Pagsapit ng 2022, ang LP (in constant 2018 prices) ay umaabot na sa PhP 1,364 samantalang ang real wage naman ay nasa halagang PhP 349.

**Ibig sabihin, ang LP (current) ay tumaas ng 225% mula 2000 hanggang 2018 samantalang ang nominal minimum wage ay tumaas lamang ng 93%**

**Sa kabilang panig, mula 2000 hanggang 2022, ang LP (in constant 2018 prices) ay tumaas ng 67% samantalang ang real wage ay bumaba pa ng 3.6%**



Ipinapanukala rin na alisin ang proteksyon: sa mga manggagawa at sa kanilang karapatan sa nakabubuhay na sahod at hati sa tubo sa produksyon; sa mga maralitang lungsod na hindi sila makararanas ng di-makatarungang demolisyon.

Pahihintulutan ang pagmamay-aring dayuhan lagpas pa sa dati nang saklaw ng mga special economic zones tulad ng mga engklabo ng pagawaan, mga sites ng BPO atbp. Magpapatuloy ang lansakang paglabag sa karapatang manggagawa na laon nang isinasagawa sa loob ng mga ito.

**Ang mga batayang serbisyo gaya ng kuryente, tubig at edukasyon ay lalong magiging pribatisado at komersyalisado kung mapasakamay ng mga dayuhang negosyo.** Huhubugin rin sa kolonyal at maka-imperyalistang pag-iisip ang kabataan at mamamayan kapag na- kontrol ng mga dayuhan ang edukasyon at masmidya.

Ayon pa sa mga tagapagtulak ng ChaCha, ang rebisyong ito sa Saligang Batas ay mang- eengganyo ng dayuhang kapital na diumano'y kinakailangan ng bansa upang umunlad. Ayon sa mga pag-aaral, walang konklusibong relasyon sa pagitan ng dayuhang pamumuhunan at pag-unlad.

**Ibig sabihin, walang ebidensya na ang pagbuhos ng dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas ay magdudulot ng pag-unlad ng bansa o pagyabong ng ating industriya.[1]**




1 Manuel F. Montes & Jerik Cruz (2020) The political economy of foreign investment and industrial development: the Philippines, Malaysia and Thailand in comparative perspective, Journal of the Asia Pacific Economy, 25:1, 16-39, DOI: 10.1080/13547860.2019.1577207

## Ano ang magiging mga epekto nito sa kabuhayan?

Ang pagbibigay laya sa mga dayuhan na pagmay-arian nang buo ang mga nabanggit na sektor ay higit na pipigil sa tahakin ng industriyalisasyon sa bansa, magtutulak ng pagtaas ng presyo at pagkabansot ng sahod at benepisyo ng manggagawang Pilipino.

Kung gayon, ang 100% na pagmamay-ari ng mga dayuhan, **higit lalo ang mga dambuhalang dayuhang korporasyon, sa mga nabanggit na sektor ay magbibigay-laya sa mga ito na itakda ang presyo ng kanilang serbisyo o produkto batay sa kanilang maka-tubong interes.** Ayon sa mga tagapamandila ng nasabing rebisyon, bababa ang presyo ng mga serbisyo't bilihin dahil magiging masigla ang kompetisyon sa pagitan ng mga dayuhan at lokal na empresa. Ngunit, makikita sa implementasyon ng Rice Tariffication Law na wala itong garantiya. Naisabatas ang naturang polisiya noon pang 2019 ngunit hanggang sa ngayon ay walang nakitang pagbaba sa presyo ng bigas. Sa katunayan, tumaas pa nga ito.




Partikular naman sa public utility vehicles (PUVs), ang panukalang rebisyon sa Saligang Batas ay umaangkop sa PUV Modernization Program. Sa kasalukuyang anyo ng nasabing programa, ang mga PUV units ay kalakhan na aangkatin mula sa mga dayuhang korporasyon. Kung uusad ang ChaCha, pati ang prangkisa at operasyon ng mga ruta ng PUVs ay maaari na rin pagmay-arian ng mga dayuhang empresa.

**May mga nagtutulak din na alisin pang lalo ang mga ligal na sagka sa pagbili, pagmamay-ari at kontrol ng dayuhan sa pagmimina at iba pang aktibidad upang siyasatin, "paunlarin," at gamitin ang likas-yaman at lupa sa bansa.**



## Sino ang nakikinabang sa papataas na produktibidad ng manggagawang Pilipino?

Kung susuriin, malaking bahagi ng nalilikha ng mga manggagawa ay napupunta sa mga may- ari ng kapital na siyang mga pinakamayayaman sa bansa.



Ayon sa 2021 Annual FIES ng Philippine Statistics Authority, ang 10% na pinakamahirap na pamilya ay kumikita lamang ng PhP 116,020.00 kada taon sa average o PhP 318 kada araw. Samantala, ang 10% pinakamayamang pamilya naman ay kumikita ng PhP 813,910.00 kada taon sa average o PhP 2,230 kada araw. Nangangahulugan ito na ang kita ng 10% pinakamayamang pamilya ay pitong (7) ulit na mas malaki kaysa sa kita ng 10% pinakamahirap na pamilyang Pilipino.

Lumalabas din sa parehong survey na ang taunang kita ng 10% pinakamayamang pamilya na may halagang PhP 2.15 trilyon ay halos katumbas ng taunang kita ng 50% pinakamahirap na pamilya na nagkakahalaga ng PhP 2.31 trilyon.

Ayon naman sa Forbes noong Setyembre 2021, ang 50 pinakamayamang Pilipino sa bansa ay may net worth na USD 79 bilyon. Ang halagang ito ay mas malaki nang bahagya kaysa sa kabuuang kita ng 70% ng lahat ng pamilya sa Pilipinas para sa taong 2021.

## Anong sanhi ng mababang sahod sa Pilipinas?

Ang mababang sahod sa Pilipinas ay mukha ng neoliberal na balangkas sa ekonomiya kung saan pinaluluwag ng pamahalaan ang kontrol nito sa mga usaping pang-ekonomiya kasabay ng pagbibigay laya sa mga mekanismo ng pamilihan at mga may-ari ng kapital sa pagkontrol ng nasabing usapin. Partikular, ang pamahalaan ay nalimitahan sa pagkontrol inflation samantalang ang pasya sa usapin ng sahod, seguridad sa trabaho, at iba pang karapatan sa paggawa ay napasakamay ng mga korporasyon.




Ang nasabing balangkas ay buong tinaguyod at pinalaganap ng magkasabay na administrasyong Reagan sa Estados Unidos at Thatcher sa United Kingdom. Kinasabwat nila ang mga burukrata sa kanilang mga neokolonya upang ipatupad ang masasahol na neoliberal na polisiyang magtitiyak na may malalim na balon ng hilaw na materyales at murang lakas paggawa ang mga dambuhalang dayuhang korporasyon.

Sa Pilipinas, sinasalamin ng ganitong balangkas ang Wage Rationalization Act of 1989. Sa tabing ng tunguhin na "industry dispersal" sa kanayunan, ang minimum na sahod ay itatakda ng hiwalay sa bawat rehiyon. Ang Regional Tripartite Wages and Productivity Board ang magtatakda ng umento sa minimum na sahod na di lalagpas ng isang beses sa isang taon. Nagbigay luwag ang iskemang ito para sa pamahalaan at mga may-ari ng kapital na panatilihing mababa ang sahod upang mang-engganyo ng dayuhang pamumuhunan na hayok sa murang lakas paggawa.



Pamarang ng mga nagtutulak ng ChaCha na tanging mga economic provision lamang ang nais baguhin ng panukala, at hindi gagalawin ang mga political provision gaya ng term limits at form of government.

Kahit pa ganito, di maikukubli ng rehimen ang plano nitong maniobrahin ang mga political na probisyon upang makapagpanatili sa kapangyarihan sa gitna ng ribalan ng pangkating Marcos at pangkating Duterte.

Ang ChaCha rin ay direktang tugon ni Marcos upang ampatan ang pandaigdigang krisis ng imperyalismo. Layon nitong isulong ang interes ng imperyalismong US para sa higit na kontrol sa ekonomya ng mga malakolonya gaya ng Pilpinas at isemento ang geopulitikal nitong paghahari sa Asya-Pasipiko at sa buong daigdig.



## Ano ang mga nais baguhin sa 1987 Constitution?

Batay sa Resolution of Both Houses (RBH) No. 6 na pinanukala sa Senado, bibigyang kapangyarihan ang Kongreso na magpasa ng mga batas na maaaring magpalaki (hanggang 100%) ng dayuhang pagmamay-ari at kontrol sa public utility, mga institusyon sa batayang edukasyon, at industriya ng advertising.

Ayon sa Saligang Batas, ang public utility at educational institutions ay maaari lamang na pagmay-arian ng mga Pilipinong indibidwal o korporasyon o asosasyon kung saan di bababa sa 60% ng kapital nito ay pinagmamay-arian ng mga Pilipino. Mas mataas ang pamantayan (70%) sa kaso ng advertising.

Sa kasalukuyan, gumugulong na rin sa House of Representatives ang katumbas nitong RBH No. 7.

Neoliberalismo ang liberalisasyon ng ekonomya at likas-yaman at pagpasok dayuhang kapital at produkto; pribatisasyon o pagbubukas ng pampublikong sektor katulad ng mga pampublikong yutilidad at serbisyo sa pamumuhunan ng dayuhan at pribadong korporasyon; at deregulasyon o pag-alis ng gobyerno ng kanyang regulasyon o kontrol sa mga sektor na ibinukas sa dayuhan at pribadong pamumuhunan.

Sa ubod, ang adyenda ng ChaCha ay ang pagpapaigting pang lalo ng pang-aapi at pagsasamantala sa manggagawa at mamamayang Pilipino. Bibigyang-daan nito ang patuloy na pandarambong ng likas-yaman, pagpiga pang lalo sa lakas-paggawa ng manggagawang Pilipino para sa dambuhalang supertubo ng mga imperyalista.




## Ano ang Charter Change ni Marcos?

Sa pagsisimula ng 2024, nagkumahog ang rehimeng US-Marcos na itulak ang pagrerebisa sa Saligang Batas o Charter Change.

Noong una, ito ay sa pamamagitan ng isang bogus na People's Initiative sa tulak ng pinsan ng Pangulo na si House Speaker Martin Romualdez. Nang magbukas ang Senado sa Cha- Cha, sinantabi ang People's Initiative at sinulong ang pagpapasa ng panukala sa Senado at House of Representatives na siyang naglalaman ng mga inaasam nilang rebisyon sa Saligang Batas.

Kung tutuusin, hindi na bago ang pakanang Charter Change. Sa kasaysayan, bawat rehimen matapos ng EDSA People Power 1986 ay nagtangkang rebisahin ang Saligang Batas. Nilayon nilang ipagsilbi ang cha-cha sa interes ng malalaking dayuhang kapitalista, malalaking lokal na negosyante, mga panginoong maylupa, at mga burukrata sa gobyerno.



## Ano ang epekto ng malawakang kawalang trabaho sa sahod? *Paano naaapektuhan ng kontraktwalisasyon ang sahod ng manggagawa?*

Papalaki ang bilang ng walang trabaho sa Pilipinas. Sa loob ng isang taon lamang (Nobyembre 2022 - Nobyembre 2023), 70,000 manggagawa ang tuluyang nawalan ng trabaho. Bagamat nitong mga nakaraang buwan, ipinagmamalaki ng gobyerno ang pagbaba vng unemployment rate, kapansin-pansin ang pagkatapyas ng mga trabaho sa manupaktura at agrikultura, senyales ng pagbagsak ng ating kapasidad upang magbuo ng ekonomyang nakasandig-sa-sarili.




Laganap ang kontraktwalisasyon para paliitin ang sahod at mga benepisyo. Ginigipit ang mga unyon at pagkilos ng manggagawa para itatag ang industrial peace para sa namumuhunan. Itinatayo ang mga enklabo at special economic zones sa buong bansa para sa malalaking negosyo.

Mabilis na umuusbong ang mga bagong tipo ng empleyo gaya ng freelance work, at ng mga delivery rider at driver na nakapailalim sa ride-hailing at platform apps. Sa ganitong sistema, pinapalabnaw ang kasalukuyang sistema ng pasahod sa "earnings" at "commission," gayong katumbas ng regular na oras ng trabaho sa pormal na empleyo ang inilalaan at tinatrabaho ng manggagawa.

Sa paglaki ng bilang ng mga impormal na manggagawa at ng mala-manggagawa, lumalaki ang reserbang hukbo ng paggawa. Sa pinakamadalas, dahil sa kawalan ng pagpipilian, papasukin ng mga manggagawa ang mga di-istable at kontraktwal na trabaho kahit pa mas mababa pa sa minimum ang sahod.

Umaabot naman ng halos 1 milyong manggagawang kababaihan ang walang trabaho, at 2 milyon ang underemployed. Pinapalubha pa ito ng kadalasang mas mababang sahod ng kababaihan. Sumasaklaw sa 4% hanggang 44% ang pagkakaiba ng sahod ng manggagawang kababaihan kumpara sa kalalakihan.

## Ano ang epekto ng mababang tantos ng pag-uunyon sa sahod?

Mula sa karanasan mismo ng manggagawa, maitataas lamang ang sahod kung magkakaisa at sama-samang kikilos ang mga unyon at manggagawa. Hindi kusang ibibigay ng kapitalista at gobyerno ang pagtaas ng sahod. Kailangan itong igiit bilang karapatan at ipaglaban.

Gayunpaman, nananatiling mababa ang tantos ng pag-uunyon sa Pilipinas. Sa ikalawang kwarto ng 2023, 51.17 milyong Pilipino ang kalahok sa kabuuang labor force (pormal at impormal) ngunit 7% lang dito ang may unyon. Sa mga ito, 1,125 ang may CBA na kumakatawan lamang sa 293,118 na mga manggagawa.

Samakatuwid, napakaliit na bilang lamang ng mga manggagawa ang may kakayahang makipag-negosasyon para sa mas mataas na sahod at dagdag benepisyo.

## Bakit itinutulak ang ChaCha? Ito ba talaga ang sagot sa krisis ng lipunan?

Pinanghahawakan ng gobyerno na ang dayuhang pamumuhunan ang solusyon sa krisis sa ekonomya ng Pilipinas. Nakasalalay diumano sa pagbubukas ng ekonomya ang paglikha ng trabaho, pagtaas ng sweldo at kita, at pagpapababa ng presyo. Napakalayong mali nito.

**Una, maling paniwalaan na masyadong mahigpit sa dayuhang pamumuhunan ang Pilipinas.** Sa lagpas 50 taon, ipinapatupad ang mga patakarang neoliberal sa Pilipinas na sistematikong nagbubukas sa bansa sa dayuhang kapital.



Maling sabihin na nahuhuli tayo sa pagbubukas sa dayuhang puhunan. Mas marami nang foreign direct investment (FDI) ang pinapasok sa Pilipinas kumpara sa South Korea, China at Taiwan nang umarangkada ang mga ekonomya nito noong dekada 70 at 80. Wala namang pag-arangkada sa ekonomya ng Pilpinas, bagkusa lalong pag-urong pa nga ng manupaktura at agrikultura.

**Ikalawa, hindi bawas restriksyon ang nakakapanghikayat sa dayuhang pamumuhunan.** Sa kabila ng pagkabukas nito, mas marami pa ring FDI sa Thailand, Vietnam at Indonesia. Maraming salik kung saan ilalagak ng mga dayuhang kapitalista ang kanilang kapital. Hindi rin nila ito inililinaw. Gayunpaman, hindi ito ang dapat ng tuon ng gobyerno kundi pagpapagana ng kapital na nasa bansa na upang lokal na iprodyus ang pangangailangan ng bayan at itaguyod ang nagsasariling industriya sa pangmatagalan.

**Ikatlo, sa kabila ng pahayag ni Marcos na pagsabay sa kumpas ng globalisasyon ang pagbubukas ng ekonomya sa ilalim ng Charter Change, pinapangunahan ng US ang landas ng proteksyonismo (pagsasara o paghihigpit ng ekonomya) para sa kanyang sariling bayan.** Tinatahak din ito ng malalaking mga bansa gaya ng Japan at ng mga kasapi ng European Union.

Sa katotohanan, ang ganitong klaseng paghihigpit at maigting na kontrol at restriksyon sa rekurso at ekonomya ang nagbunsod ng pag-unlad ng US at China mismo.




**Ang Charter Change ay hindi solusyon.**
Ito ay mas masahol pang pagpapatupad ng patakarang neoliberal. Ang ChaCha ay pagsasaganap at paglelehitimisa sa mga patakaran na nauna nang sumagasa sa kabuhayan at batayang mga karapatan ng mga Pilipino.